

Hulyo 2022

Liham na Paunawa sa Kalusugan ng Ngipin

(Liham na ibibigay kasama ang form ng Oral Health Assessment o Pagsusuri sa Kalusugan ng Ngipin)

(GAMITIN ANG LETTERHEAD NG DISTRITO AT KUMPLETUHIN ANG MGA NAAANGKOP NA SEKSYON)

Minamahal na Magulang o Tagapangalaga:

Ang pagkakaroon ng malusog na ngipin ay nakakatulong sa iyong anak na maging mahusay sa paaralan. Upang matiyak na ang iyong anak ay handa na para sa pag-aaral, ang batas ng California na *Education Code Section 49452.8*, ay nag-aatas na ang iyong anak ay magkaroon ng pagsusuri sa kalusugan ng ngipin o check-up sa ngipin sa kanyang unang taon sa pampublikong paaralan (kindergarten o unang baitang). Ang bawat bata ay nangangailangan ng pagsusuri sa kalusugan ng ngipin mula sa isang lisensyadong dentista o iba pang lisensyado o rehistradong propesyonal sa kalusugan ng ngipin, at isang nakumpletong form ng Pagsusuri sa Kalusugan ng Ngipin (kalakip sa liham na ito) upang matugunan ang kinakailangang ito.

Kung ang iyong anak ay hindi nagkaroon ng pagsusuri sa kalusugan ng ngipin sa nakalipas na 12 buwan, kakailanganin niya ito bago mag Mayo 31. Dalhin ang kalakip na form sa dentista ng iyong anak upang kumpletuhin, kung ang iyong anak ay nagkaroon ng pagsusuri sa kalusugan ng ngipin o check-up sa ngipin sa nakalipas na 12 buwan. Ang sumusunod na impormasyon ay makakatulong sa iyo na makahanap ng dentista:

1. Maaari mong tawagan ang Medi-Cal Telephone Service Center sa 1-800-322-6384 o bisitahin ang [Smile California - Maghanap ng Dentista](https://smilecalifornia.org/find-a-dentist/) (<https://smilecalifornia.org/find-a-dentist/>) para makahanap ng dentista na tumatanggap ng Medi-Cal. Para sa tulong sa pagpapatala ng iyong anak sa Medi-Cal, maaari kang mag-apply sa pamamagitan ng koreo, pumunta nang personal sa iyong lokal na tanggapan ng Social Services, o online sa [Mag-apply para sa Medi-Cal](https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/pages/applyformed-cal.aspx) (<https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/pages/applyformed-cal.aspx>).
2. Para sa mga karagdagang mapagkukunan na maaaring makatulong, makipag-ugnayan sa iyong lokal na departamento ng pampublikong kalusugan, i-click ang [Mag-apply para sa Coverage sa Pangkalusugan](https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx) (<https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>) upang mahanap ang sa iyo.

Kapag dinala mo ang iyong anak sa dentista, dalhin ang kalakip na form para makumpleto.

Kung hindi mo madadala ang iyong anak para masuri ang kalusugan ng ngipin, mangyaring punan ang hiwalay na form na Waiver ng Oral Health Assessment at ibalik ang form.

Mangyaring ibalik ang form sa (ilagay ang impormasyong partikular sa paaralan upang maibalik ang form). Ang pagkakakilanlan ng iyong anak ay hindi makikita sa anumang ulat. Pinapanatili ng mga paaralan na pribado ang impormasyon sa kalusugan ng mga estudyante. Maaari kang makakuha ng marami pang mga kopya ng form sa paaralan ng iyong anak o online mula sa [California Department of Education \(https://www.cde.ca.gov/ls/he/hn/oralhealth.asp\)](https://www.cde.ca.gov/ls/he/hn/oralhealth.asp).

Nais naming maging malusog at handa ang iyong anak sa pag-aaral! Kahit na nalaglag ang mga ito, napakahalaga ng baby teeth. Ang mga bata ay nangangailangan ng malusog na baby teeth upang kumain, makipag-usap, ngumiti, at maging maganda ang pakiramdam tungkol sa kanilang sarili. Ang mga batang may mga butas sa ngipin ay maaaring magkaroon ng pananakit, kahirapan sa pagkain, huminto sa pagngiti, at magkaroon ng mga problema sa pagtuon ng pansin at pag-aaral sa paaralan.

Narito ang mahalagang payo upang matulungan ang iyong anak na manatiling malusog:

- Dalhin ang iyong anak sa dentista. Ang pagpapatingin ng ngipin ay makakatulong sa pagpapanatiling malusog at walang sakit ang ngipin ang iyong anak.
- Pumili ng masusustansyang pagkain para sa buong pamilya, tulad ng mga sariwang prutas at gulay.
- Magsepilyo ng ngipin ng hindi bababa sa dalawang beses sa isang araw gamit ang toothpaste na may fluoride.
- Limitahan ang mga kendi at matatamis na inumin tulad ng punch, juice o soda. Ang mga matatamis na inumin at kendi ay naglalaman ng maraming asukal, na nagiging sanhi ng mga butas sa ngipin at nag-iwan ng mas kaunting puwang para makakain ang iyong anak ng masustansyang pagkain at inumin. Ang mga matatamis na inumin at kendi ay maaari ring maging sanhi ng mga problema sa timbang, na maaaring humantong sa iba pang mga sakit, tulad ng dyabetis. Sa halip, bigyan ang iyong anak ng masusustansyang mapagpipilian tulad ng tubig, gatas, at prutas.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa kinakailangan na bagong pagsusuri sa kalusugan ng ngipin, mangyaring makipag-ugnayan (punan ng pangalan ng kawani ng distrito o tanggapan na responsable para sa programa, numero ng telepono at/o e-mail address).

Maraming salamat!

Taos-puso,

Superintendente ng Distrito na Kalakip